# Ang mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 3

"1 Nangyari nga, na samantalang siya'y sinisiksik ng karamihan na pinakikinggan ang salita ng Dios, na siya'y nakatayo sa tabi ng dagatdagatan ng Genezaret; 2 At nakakita siya ng dalawang daong na nasa tabi ng dagatdagatan: datapuwa't nagsilunsad sa mga yaon ang mga mamamalakaya, at hinuhugasan ang kanilang mga lambat. 3 At lumulan siya sa isa sa mga daong, na kay Simon, at ipinamanhik niya dito na ilayo ng kaunti sa lupa. At siya'y naupo at nagturo sa mga karamihan buhat sa daong. 4 At pagtigil niya ng pagsasalita, ay sinabi niya kay Simon, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya. 5 At sumagot si Simon at sinabi, Guro, sa buong magdamag ay nagsipagpagal kami, at wala kaming nahuli: datapuwa't sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat. 6 At nang magawa nila ito, ay nakahuli sila ng lubhang maraming isda; at nagkampupunit ang kanilang mga lambat; 7 At kinawayan nila ang mga kasamahan sa isang daong upang magsilapit at sila'y tulungan. At sila'y nagsilapit at nangapuno ang dalawang daong, ano pa't sila'y nagpasimulang lulubog. 8 Datapuwa't nang makita ni Simon Pedro, ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na nagsasabi, Lumayo ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan, Oh Panginoon. 9 Sapagka't siya at ang lahat ng kasama niya ay nagsipanggilalas, dahil sa karamihan ng mga isdang kanilang nangahuli: 10 At gayon din si Santiago at si Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasama ni Simon. At sinabi ni Jesus kay Simon, Huwag kang matakot; mula ngayon ay mamamalakaya ka ng mga tao. 11 At nang maisadsad na nila sa lupa ang kanilang mga daong, ay iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya." (Lucas 5:1-11)

Si JesuCristo sa Kanyang pagtawag kay Simon, ang kagila gilalas na bagay na nangyari ay ang himala na nakahuli ng malaking halaga ng isda. Ito'y nangyari noong si Jesus ay nagsabi kay Simon upang "4 ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya." (Lucas 5:4) at ito'y natupad at naging totoo noong si Simon at kanyang mga tauhan ay sumunod sa ipinagutos ni Jesus.

Ang pagsunod ay susi para kay Simon upang maipagkaloob sa kanya sa araw na iyon, ganon din ang kanyang madaling pagsunod sa tinig ni Jesus ay ang naggabay sa kanya upang tanggapin ng higit ang mga biyaya sa karagdagang ay ang materyal na mga bagay at sa mga sumusunod:

1. Pagsisisi: Si Simon pagkatapos niyang sumunod sa salita ni Jesus at makakuha ng malaking huli ng isda nakita niyang malinaw ang kanyang mga kasalanan sa pagsabi sa Panginoon, "8 Datapuwa't nang makita ni Simon Pedro, ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na nagsasabi, Lumayo ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan, Oh Panginoon." (Lucas 5:8) Si Simon Pedro ang kanyang kasalanan ay walang pananampalataya sa Salita ng Diyos ngunit bilang sa kanyang pagsunod nakita niya ng malinaw kung paano makapangyarihan at makatotohanan ang Salita ni Jesus. Sa parehong paraan kapag tayo ay nagsimulang sumunod sa tinig ng Diyos at sa Salita niya sayo, ay makikita mong malinaw ang iyong mga kasalanan at paano kapag ikaw ay sumunod ang biyaya ng Diyos ay aagos sa iyong buhay.

2. Mga Espiritwal na kaloob upang paglingkuran ang Diyos: ibinigay ni Jesus kay Pedro ang kalooban sa pageebanghelyo upang mamalakaya ng mga tao. "10 At gayon din si Santiago at si Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasama ni Simon. At sinabi ni Jesus kay Simon, Huwag kang matakot; mula ngayon ay mamamalakaya ka ng mga tao." (Lucas 5:10) Kapag nagsimula kang sumunod sa Diyos ang Panginoon ang magbibigay sayo ng mga espiritwal na kaloob upang pumunta at paglingkuran Siya kasama ng mga kaloob na ibinigay Niya sayo.

3.Buong panahon sa pagmiministerio: "11 At nang maisadsad na nila sa lupa ang kanilang mga daong, ay iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya." (Lucas 5:11) Ang Panginoon inutusan si Simon Pedro upang iwanan ang lahat at paglingkuran ang Diyos. Ang buong pagsunod ay susi sa iyong kamay upang ang iyong nais na mabuhay para kay Cristo at paglingkuran Siya ay matupad.

Noong ang Panginoon ay nagsabi kay Pedro, "4 At pagtigil niya ng pagsasalita, ay sinabi niya kay Simon, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya." (Lucas 5:4) Ito ba ay madaling kahilingan o isang mahirap? Ito ay maaring madaling kahilingan sapagkat ito ay gawa at ang trabaho ni Simon at ng kanyang mga tauhan at ginagawa nila ito sa pang araw araw para sa isang sapat na tagal ng panahon. Sa karagdagan alam nila ang lugar at sila'y sanay sa klima ng lugar. Ngunit ito'y maaring din mahirap dahil si Simon at kanyang mga tauhan ay pagod at inaatok dahil sa buong gabi na sila'y namamalakaya at para sa kanilang pagsunod kay Jesus ay marami pang oras upang mag trabaho. Bukod dito sila'y pinanhhinaan na ng loob at natatakot. Kaya noong si Simon ay hinarap ang ipinaguutos ni Jesus , ito nasa kanya kamay upang sumunod, ganon din ito'y nasa kanyang kamay upang huwag sumunod at isantabi ang utos ng Diyos. Alam na alam ni Jesus ang kalagayan ni Simon, na siya ay pagod, inaantok, pinanghinaan na ng loob, at walang isda. At si Jesus ay naglagay sa mga kamay ni Simon kung siya ay susunod at maging pagpapala ng sagana na ating nabanggit, o isantabi ang utos ng Diyos at umuwi sa bahay ng walang wala.

Lagi kapag ang Diyos ay tinawag ka, Siya ay magsasabi sayo na gawin ang isang bagay na hindi madali para sayo na gawin at ito'y taliwas sa iyong laman na iyong dinadala at mayroon iyong katawan. Noong tinawag ng Diyos si Simon ang kanyang laman ay maaring taliwas sa ipinaguutos ni Jesus, dahil sa katamaran, gustong matulog, o kahit sa pagdadahilan ng kanyang sarili sa pahayag na ito. 'Bakit ako lang, hayaan mo tumawag si Jesus ng ibang tao!' Kung ikaw ay kikilos at mabuhay ng ganitong paraan, tapos makikita mo ang iyong sarili na walang pagunlad at walang paglago sa iyong buhay dahil ikaw ay nagagalak upang istimahin ang kasinungalingan ng diyablo. Si Satanas ay maaring gamitin ang iyong emosyon at maling isipan at gawain sa kanila upang hadlangan ka mula sa pagtugon sa tawag ng Diyos.

Para sa ganitong kadahilanan kailangan mong yakapin ang utos ng Diyos at ilapat iyon sa iyong buhay ng buong puso kahit na sila'y laban sa iyong kaisipan at pangunawa. Kung ito ang iyong pamantayan ngayon makakaya mong mapagtagumpayan at umunlad sa pagsulong.

Ilagay itong saloobin sa iyong isip: Kapag ang Diyos ay tinawag ka at sinabi Niya sayo na gawin ang isang bagay na madalas ay hindi maginhawa sayo na gawin, ngunit ito'y isang bagay na posible, at alam Niya sa huli ay kaya mong gawin kung gusto mo!

Noong ang Diyos ay tinawag si Saul upang maging Hari sa lahat ng Israel, ang Panginoon ay ginamit si Samuel upang basbasan siya. Si Samuel ay nagpropesiya kay Saul na ang nga sumusunod na mga senyales na mangyayari sa kanya agad pagkatapos niyang iwanan siya. "2 Paghiwalay mo sa akin ngayon, ay masusumpungan mo nga ang dalawang lalake sa siping ng libingan ni Rachel, sa hangganan ng Benjamin sa Selsah; at sasabihin nila sa iyo, Ang mga asno na iyong hinahanap ay nasumpungan na; at, narito, niwalang bahala ng iyong ama ang mga asno, at ang inaalaala ay kayo, na sinasabi, Paano ang aking gagawin sa aking anak? 3 Kung magkagayo'y magpapatuloy ka mula roon, at darating ka sa ensina ng Tabor; at masasalubong ka roon ng tatlong lalake na inaahon ang Dios sa Beth-el, ang isa'y may dalang tatlong batang kambing, at ang isa'y may dalang tatlong tinapay, at ang isa'y may dalang isang balat na sisidlan ng alak: 4 At babatiin ka nila, at bibigyan ka ng dalawang tinapay, na iyong tatanggapin sa kanilang kamay. 5 Pagkatapos ay darating ka sa burol ng Dios, na nandoon ang isang pulutong ng mga Filisteo: at mangyayari pagdating mo roon sa bayan, na makakasalubong ka ng isang pulutong na mga propeta na lumulusong mula sa mataas na dako, na may salterio, at pandereta, at flauta, at alpa sa harap nila; at sila'y magsisipanghula. 6 At ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang sasaiyo, at manghuhula kang kasama nila, at ikaw ay magiging ibang lalake. 7 At mano nawa, na pagka ang mga tandang ito ay mangyari sa iyo, na gawin mo ang idudulot ng pagkakataon; sapagka't ang Dios ay sumasaiyo." (1 Samuel 10:2-7) Ang lahat ng sinabi ni Samuel kay Saul ay tinupad ng Diyos sa kanya. "9At nangyaring gayon, na nang kaniyang matalikdan na iwan niya si Samuel, ay binigyan siya ng Dios ng ibang puso: at ang lahat na tandang yaon ay nangyari sa araw na yaon. 10At nang sila'y dumating doon sa burol, narito, isang pulutong na mga propeta ay nasasalubong niya; at ang Espiritu ng Dios ay makapangyarihang suma kaniya, at siya'y nanghula sa gitna nila. 11At nangyari nang makita siya ng lahat na nakakakilala sa kaniya nang una, na, narito siya'y nanghuhulang kasama ng mga propeta, ay nagsalisalitaan ang bayan, Ano itong nangyari sa anak ni Cis? Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga propeta? " (1 Samuel 10:9-11) Kaya t nang natupad ang lahat ng ito natitiyak ni Saul na ang Diyos ay sumasakanya.

Si Samuel ay dati ng nagsabi kay Saul na panatilihin at obserbahan ang sumusunod: "8At ikaw ay lulusong na una sa akin sa Gilgal; at, lulusungin kita, upang maghandog ng mga handog na susunugin, at maghain ng mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan: pitong araw na maghihintay ka, hanggang sa ako'y pumaroon sa iyo, at ituro sa iyo kung ano ang iyong gagawin." (1 Samuel 10:8) Ang utos ng Diyos kay Saul sa pamamagitan ng propetang si Samuel kung titingan ay madaling at simple na gawin. Kung ang isang tao ay nagsabi sayo na umalis sa isang lugar na alam mo at ikaw ay maghintay sa kanya ng pitong araw, hanggang siya'y dumating sayo upang sabihin sayo ano ang gagawin, ito'y isang simpleng bagay na gawin.

Katotohanang si Saul ay nag punta doon at namalagi sa Gilgal ng may pitong araw, at ang sumunod na kabanalan ay nangyari: "5 At ang mga Filisteo ay nagpupulong upang sa Israel, tatlong pung libong karo, at anim na libong mangangabayo, at ang bayan na gaya ng buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan: at sila'y umahon at humantong sa Michmas sa dakong silanganan ng Beth-aven. 6 Nang makita ng mga lalake ng Israel na sila'y nasa kagipitan, (sapagka't ang bayan ay napipighati) ang bayan nga ay nagkubli sa mga yungib, at sa mga tinikan, at sa mga bato, at sa mga katibayan, at sa mga hukay. 7 Ang iba nga sa mga Hebreo ay tumawid sa Jordan na patungo sa lupain ng Gad, at ng Galaad; nguni't si Saul ay nasa Gilgal siya, at ang buong bayan ay sumunod sa kaniya na nanginginig.8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya. " (1 Samuel 13:5-8) Ngayon noong sinabi ni Samuel kay Saul na pumunta sa Gilgal at upang maghintay sa kanya ng pitong araw hanggang siya dumating, ang lahat ng nasa taas na kaganapan ay wala sa isipan ni Saul na mangyayari, at kaya naman ito'y maaring napakadali upang sumunod sa utos ng Diyos na kanyang natanggap sa pamamagitan ni Samuel, bagkus ngayon ang mga sumusunod na pangyayari ay hindi inaasahan na nakapaligid kay Saul:

A. "5 At ang mga Filisteo ay nagpupulong upang lumaban sa Israel, tatlong pung libong karo, at anim na libong mangangabayo, at ang bayan na gaya ng buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan: at sila'y umahon at humantong sa Michmas sa dakong ng Beth-aven." (1 Samuel 13:5) Ang kaaway sa malaking pulutong ay nagtipon laban sa kanya, at iyon ang dahilang na siya'y matakot. Kapag ipinagkatiwala mo na iyong sarili sa Panginoon, ang kaaway ang maaring magtipon sa paligid mo upang ikaw ay matakot at upang hadlangan ka mula sa pagsunod sa Diyos. Kaya naman magtiyaga at labanan siya ng pananampalataya.

B. "6 Nang makita ng mga lalake ng Israel na sila'y nasa kagipitan, (sapagka't ang bayan ay napipighati) ang bayan nga ay nagkubli sa mga yungib, at sa mga tinikan, at sa mga bato, at sa mga katibayan, at sa mga hukay." (1 Samuel 13:6) Ang lahat ay takot at tumakbo para sa kanyang buhay at iniwan si Saul sa gitna na nagiisa. Isipin kung ano ang kanyang nararamdaman! Sa oras ng kaguluhan, makikita mo na ang mga tao ay hihiwalay mula sayo, ngunit alalahanin mo din na ang Panginoon ay nasa tabi mo upang itaas ka at suportahan ka. Hindi ka niya iiwan o pababayaan ka.

C. "7 Ang iba nga sa mga Hebreo ay tumawid sa Jordan na patungo sa lupain ng Gad, at ng Galaad; nguni't si Saul ay nasa Gilgal siya, at ang buong bayan ay sumunod sa kaniya na nanginginig."(1 Samuel 13:7) Ang ibang tao'y lumipat sa mas maayos na lugar habang si Saul ay kailangang manatili sa Gilgal kung saan ang kapahamakan ay napakalapit at nasa paligid. Alalahanin din na ang mga tao ay lagi iniisip ay ang tungkol sa kanilang laman at paano matatakasan ang responsibilidad na inaatas sa kanila upang gawin. Samakatuwid huwag gayahin ang ganitong halimbawa, ngunit magpatuloy sa iyong pangako at ano kailangan mong gawin para sa Diyos at tuparin ang iyong takdang aralin tungo sa Kanya.

D. "8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya." (1 Samuel 13:8) Si Samuel ay nahuli, at ngayon kahit ang pangunahing tauhan ni Saul at malapit

na sundalo ay nagsimulang mangakalat. Alalahanin na si Jesus ay magisa sa krus, lahat ng kanyang mga alagad ay nagkalat at iniwan Siya, ngunit Siya nagtagumpay sa laban para sa atin upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Sa parehong paraan, kahit na ikaw ay nagiisa, huwag kang matakot at huwag manlupaypay, ang Diyos ay nasa iyong tabi at Siya ay tutulong sayo upang mapagtagumpayan ang laban.

Ang Diyos ay binago ang puso ni Saul, ngunit si Saul ay nakitang lahat ng nasa itaas na mga pangyayari at sa huli, ginawa niya ang mga sumusunod: "9 At sinabi ni Saul, Dalhin dito sa akin ang handog na susunugin, at ang handog tungkol sa kapayapaan. At kaniyang inihandog ang handog na susunugin." (1 Samuel 13:9) Si Saul ay nabigong gawin ng tama kung ano iniutos ni Samuel sa kanya na gawin. Siya ay naghintay ng pitong araw sa Gilgal, ngunit hindi siya naghintay ng sapat kay Samuel na dumating at sabihin sa kanya ano ang kailangan niyang gawin. Sinabi ni Samuel "8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya." (1 Samuel 13:8) Ngunit sa lahat ng kaganapan na nangyari na nakapaligid sa kanya si Saul sa huli at dahil sa takot siya ay nagpasiya na huwag sundin ang mga utos ng Diyos. "10 At nangyari, na pagkatapos niyang maihandog ang handog na susunugin, narito, si Samuel ay dumating; at lumabas si Saul na sinalubong siya upang bumati sa kaniya." (1 Samuel 13:10) Tunupad ni Samuel ang Salita ng Diyos at dumating sa oras na gusto ng Diyos sa kanya upang abutin si Saul. Si Samuel ay nakayang makarating sa larangan ng labanan upang makipagkita kay Saul. Hindi siya natatakot mula sa mga Filestio. Ang mga tao at mga sundalo ay nagkalat mula sa laragan ng labanan ngunit si Samuel ay tinupad ang kanyang pangako at pumunta upang makipagkita kay Saul. Samakatuwid, si Samuel ay nagtaka sa anong ginawa ni Saul at sumunod na talakayan ay nangyari sa pagitan nila, "11 At sinabi ni Samuel, Ano ang iyong ginawa? At sinabi ni Saul, Sapagka't aking nakita na ang bayan ay nangangalat sa akin, at hindi ka dumarating sa mga takdang araw, at ang mga Filisteo ay nagpupulong sa Michmas; 12 Kaya aking sinabi, Ngayo'y lulusungin ako ng mga Filisteo sa Gilgal, at hindi ko pa naipamamanhik ang kagalingan sa Panginoon: ako'y nagpumilit nga at inihandog ko ang handog na susunugin. 13 At sinabi ni Samuel kay Saul, Gumawa kang may kamangmangan; hindi mo ginanap ang utos ng Panginoon mong Dios na iniutos niya sa iyo: sapagka't itinatag sana ng Panginoon ang kaniyang kaharian sa Israel magpakailan man." (1 Samuel 13:11-13) Si Saul ay sinaway para sa kanyang mga kakulangan.

At ang iba ay nagsabi na si Saul ay naghintay ngunit si Samuel ay hindi dumating at ano ang kanyang ginawa ay mabuti, kahit paano siya ay nakahingi ng pabor sa Diyos. Ito ay hindi tama. Si Saul ay sinaway dahil nakita niya ang lahat ng mga bagay sa negatibong paraan; nakita niya ang mga filestio na nagpulong laban sa kanya, nakita niya si Samuel na huling dumating, nakita niya ang mga Israelitang tumatakas mula sa mga kaaway at kanyang mga tauhan ay nagkalat, ngunit siya'y nabigo upang maunawaan ito ay mas ligtas at mas maayos upang sumunod sa Salita ng Diyos at utos. Si Saul noong siya'y nabigo na makita ang Diyos ay nasa kanya, ang kanyang maling isipan ang nagudyok sa kanya upang huwag sumunod sa Diyos at pangunahan na gawin ang kanyang nais.

Si Saul ay nasubok sa simpleng utos ng Diyos sa pamamagitan ni Samuel, bilang si Simon ay inutusan ng Salita ni Jesus upang "4 ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya." (Lucas 5:4) Si Saul ay maaring hindi komportable sa kung anong sa kanya ay inuutos., pero ito'y posible para sa kanya upang sumunod at lampasan ng matagumpay ang pagsusulit na itinalaga ng Diyos para sa kanya upang pagdaanan.

Sa aking mahal at minamahal: Huwag tingnan ang mga bagay sa negatibong paraan katulad ni Saul na nakita ng mga filestio na nagtipon laban sa kanya, nakita niya ang mga Israelita'y nagtago mula sa kaaway at kanyang mga tauhan ay nagkalat, ngunit siya'y nabigo upang maunawaan na itoy mas ligtas at mas maayos upang sumunod sa Salita ng Diyos at utos. Alalahanin na kapag nabigo kang makita na ang Diyos ay sumasaiyo, ang iyong maling saloobin ay manguna sayo upang huwag sumunod sa Diyos at ipagpatuloy gawin ang iyong gusto.

Bagkus alalahanin ang mga sumusunod:

Kapag ipinagkatiwala mo na iyong sarili sa Panginoon ang kaaway ay maaring magtipon sa paligid mo upang takutin ka at upang hadlangan ka mula sa pagsunod sa Diyos. Samakatuwid magtiyaga at labanan siya ng pananampalataya.

Sa panahon ng mga kaguluhan makikita mo na ang mga tao'y makikipaghiwalay mula sayo, ngunit alalahanin na ang Panginoon ay nasa tabi mo upang itaas ka at suportahan ka. Hindi ka Niya iiwan o pababayaan ka.

Alalahanin din na ang mga tao ang laging iniisip ay tungkol sa kanilang laman at paano matatakasan ang responsibilidad na ibinigay sa kanila na gawin. Samakatuwid, huwag tularan ang ganitong maling halimbawa, ngunit magpatuloy sa iyong pangako at ano ang kailangan mong gawin para sa Diyos at tuparin ang mga takdang aralin patungo sa Kanya.

Alalahanin na si Jesus ay magisa sa krus, lahat ng Kanyang mga alagad ay naghihiwalay at iniwan siya, ngunit napagtagumpayan Niya ang laban para sa atin. Sa parehong paraan, kahit na ikaw ay nagiisa, huwag kang matakot at huwag manlupaypay. Ang Diyos ay nasa iyong tabi at Siya ay tutulong sayo upang manalo sa laban.

Ang utos ng Diyos ay payak ngunit huwag magpahadlang sa maraming maling akala at maling isipan sa halip magpatuloy at sumunod at maging mabiyaya.

Si Pablo ay nagsabi sa mga matatanda ng Epeso, "32 At ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa salita ng kaniyang biyaya, na makapagpapatibay, at makapagbibigay sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging banal." (Mga Gawa 20:32) Ito ay parehong Salita ng Diyos ay ang pagtawag ng Diyos sa iyong buhay. Ibinigay Niya ang Kanyang Salita at mga tagubilin na salungat sa

iyong laman, ngunit habang ikaw ay desidido upang sumunod at iyong malalampasan. Tiyak na iyong malalampasan at sa payak na kadahilan, sapagkat ang Diyos ay sumasaiyo bilang pagtugon sa pananalangin.

Ang aking Panalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na siyan namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa ikatlong araw at binigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Tayo ay magsisi mula sa ating mga kasalanan. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan

Tayo ay magsisisi sa mga kasalanan ng walang pananampalataya sa Salita ng Diyos, hindi pagsunod, naantalang pagsunod, katigasan, at ating pagsisihan ang mali at negatibong kaisipan

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay at dalhin sa iyong kamay, ako'y titigil sa paghadlang sa iyong kalooban at iyong mga utos. Panginoon ako'y susunod sa iyong Salita at iyong mga utos ng madalian. Panginoon bigyan mo ako ng pagtitiyaga at itaas ako ng iyong biyaya at awa upang magpatuloy upang manatili sa tawag na iyong itinalaga para sa akin.

Panginoon pagpalain mo ang aking mga kapatid na lalaki at babae na makinig sa iyong Salita at nagnanais upang sumunod sa iyong mga tagubilin sa kanila. Panginoon ako'y nanalangin habang sila'y sumunod igawad sa kanila ang pagsisisi, materyal na mga pagpapala, espiritwal na mga kaloob, upang paglingkuran at isang ministerio upang makapagdala ng bagong mga tao sa iyong Kaharian. Panginoon gamitin mo sila upang abutin ang mga bagong bayan at bagong lugar para kay Cristo.

Panginoon, pagpalain mo ang aming simbahan, protektahan kami, at ibigay ang lahay ng aming pangangailangan. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at magbigay daan sa amin upang makapagani ng mga bagong kaluluwa, abutin ang mga bagong tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon bigyan daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami makadama ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal ng Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com